**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 12, 101-107




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Tula sa makabagong panahon: Isang Phenomenolohikal na pag-aaral sa karanasan ng mga Guro

De Ramon, Natividad L.
*Sorsogon State University, Sorsogon, Philippines (deramon.natividad@sorsu.edu.ph)*
Marbella, Felisa D.
*Sorsogon State University, Sorsogon, Philippines (Felymarbella03@gmail.com)*
Mariano, Sharon D.
*Sorsogon State University, Sorsogon, Philippines (sharondivinamariano@gmail.com)*

**Received**: 20 April 2026 **Revised**: 13 May 2026 **Accepted**: 14 May 2026
**Available Online**: 15 May 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26151


## *Abstract*

Sa kabila ng dumaraming pananaliksik hinggil sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, nanatiling kulang ang mga pag-aaral na tumutugon partikular sa phenomenolohikal na karanasan ng mga guro, ang mga umiiral na pananaliksik ay nakasentro sa tradisyonal na anyo ng panulaan. Samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa tula sa makabagong panahon: isang phenomenolohikal na pag-aaral sa karanasan ng mga guro. Ang disenyong ginamit ng pananaliksik ay kwalitatibong at phenomenologikal approach. Ang layunin ng pananaliksik ay alamin at unawain ang mga karanasan, pananaw at damdamin ng mga guro hinggil sa paggamit ng tula sa pagtuturo sa makabagong panahon bilang susi sa pagkatuto sa kontemporaryong panahon. Sa ginawang pag-aaral nakita na ang pagtuturo at paggamit ng tula sa makabagong panahon ay dumaraan sa mahalagang pagbabago. Hindi lamang nakasentro ang mga guro sa tradisyunal na pagbasa at pagsusuri ng tula, kundi higit na ginagamit ang teknolohiya, digital platforms at malikhaing estratehiya gaya ng spoken word poetry at video presentation upang gawin mas makabuluhan at interaktibo ang karanasan ng mga mag-aaral. Napatunayan din na ang mga mag-aaral ay positibong tumutugon sa mga tulang may temang panlipunan, lalo na kung ito'y ipinapahayag sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya. Dahil dito, higit nilang makikita ang tula bilang mabisang daluyan ng pagbabahagi ng damdamin, opinyon, at pakikiisa sa lipunan. Natukoy sa ginawang pag-aaral ang dual role ng tula sa kasalukuyan: una, bilang tagapagdala ng tradisyon at kultura, pangalawa, bilang espasyo ng inobasyon at kritikal na pag-iisip. Isa pang natatanging tuklas ang malinaw na paglutang ng hamon na kinakaharap ng mga guro-ang kakulangan ng interest ng ilang mag-aaral sa tradisyon na tula, na higit nanaakit sa visual at digital media. Gayunpaman, lumitaw na ang paggamit ng tula'y may malawak na benepisyo hindi lamang sa larangan ng wika at pagbasa, kundi maging sa paglinang ng empatiya, malikhaing kasanayan, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.


***Keywords:*** tula, karanasan, pagkatuto, phenomenolohikal, panahon

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Tula sa makabagong panahon: Isang Phenomenolohikal na pag-aaral sa karanasan ng mga Guro

## I. Introduksiyon

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at pagbabago ng pananaw ng kabataan sa edukasyon, nahaharap ang panitikan sa hamon ng pagiging makabuluhan sa makabagong panahon. Isa sa mga anyo ng panitikan na nananatiling buhay at may kakayahang umangkop sa pagbabago ng tula. Mula sa pagiging daluyan ng damdamin, saloobin, at karanasan ng mga sinaunang Pilipino, unti-unti nang nagbabagong-anyo ang tula upang umangkop sa kontemporaryong henerasyon. Sa pamamagitan ng social media, spoken word poetry, at makabagong anyo ng pagsulat, patuloy nitong hinahawakan ang landas tungo sa mas malawak na pang-unawa at pagpapahalaga sa kultura, identidad, at karanasanng kabataan ngayon. Sa ganitong konteksto, ang tula ay nagiging *susi ng pagkatuto*-hindi lamang sa larangan ng wika at panitikan kundi maging sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, sempatiya, at malikhaing pagpapahayag. Sa panahong ang impormasyon ay mabilis na dumaloy at ang atensyon ng mga mag-aaral ay laging hinahati ng teknolohiya, muling pinatutunayan ng tula ang kahalagahan nito bilang makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon at pang-unawa sa makabong lipunan.

Sa pandaigdigang pananaw, ang *panulaan o poetry* ay patuloy na kinikilala bilang makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon at paghubog ng kamalayan, lalo na sa gitna ng mabilis na pagbabago sa kontemporaryong panahon. Sa kabila ng modernisasyon at pagsulpot ng teknolohiya, hindi naisantabi ang halaga ng tula bilang daluyan ng pagkatuto, pagbibigay-diin sa identidad, at pagpapalawak ng pang-unawa sa mga isyung panlipunan. Ayon sa pag-aaral sa Estados Unidos at ilang bansa sa Europa (Armitage, 2021), ang tula ay isang mabisang kasangkapan upang mapaunlad ang *critikal thinking* at *empathy* sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga makabagong anyo tulad ng SWP at slam poetry, naisasabuhay ng mga kabataan ang kanilang karanasan, damdamin, at pananaw sa mga isyung gaya ng diskriminasyon, krisis sa klima at pagkapantay-pantay. Isinusulong ng mga edukador sa mga bansang ito ang paggamit ng tula upang paigtingin ang literasiyang panlipunan at emosyonal ng mga mag-aaral.

Samantala, sa mga bansang gaya ng United Kingdom, Canada at Australia, lumalaganap ang tinatawag na *digital poetry o multimodal poetry*-isang uri ng panulaan na sinusuportahan ng teknolohiya tulad ng video, musika, at sining biswal. Ayon sa British council (2020), ang ganitong uri ng tula ay ginagamit sa mga paaralan upang hikayatin ang kabataan na maging mas engaged sa pagbabasa at pagsusulat. Pinatatag din nito ang kanilang kakayahan sa paggamit ng wika, pagsasalaysay, at malikhaing pag-iisip. Sa konteksto naman ng Africa at Latin America, tulad ng South Africa at Brazil, ginagamit ang tula upang itaguyod ang *multilinggwalismo* at mapanatili ang *katutubong kultura* sa gitna ng globalisasyon. Ayon sa ulat ng UNESCO (2019), isinsama ang panulaan sa kurikulum upang mapalalim ang ugnayan ng mga kabataan sa kanilang mga pinagmulan, gamit ang wika ng kanilang ninuno. Sa pamamagitan nito, ang panitikan ay nagiging tulay upang mapanatili ang kultural na identidad.

Hindi rin maikakaila ang papel ng tula sa *pagpapahayag ng protesta at paghilom* sa mga rehiyong may kaguluhan gaya ng middle East at ilang bahagi ng Asya. Sa mga bansang tulad ng Iran, Palistine, at Myanmar, ang panulaan ay ginagawang plataporma ng mga kabataan upang ipahayag ang kanilang damdamin ukol sa digmaan, opresyon at kawalana ng katarungan. Ayon kay Al-Mutairi (2022), ang tula ay hindi lamang sining kundi aktibong bahagi ng *resistance literature* na nagsisilbing tinig ng mga pinatahimik. Lumilitaw na sa iba't ibang panig ng mundo ang tula sa makabagong panahon ay hindi lamang anyo ng sining, kundi isang susi ng pagkatuto-mula sa paghubog ng kaisipan at damdamin, pagpapalawak ng pananaw, hanggang sa paglinang ng kamalayang panlipunan. Sa paggamit ng panulaan bilang daluyan ng edukasyon at pakikilahok sa lipuanan, naisasakatuparan ang layuning gawing makabuluhan, makabago, at makatao ang kontemporaryong pagkatuto.

Ayon kay Eilish Dillon (2022) sa kanyang "Tula bilang Kasangkapan sa Makabagong Edukasyon". tinalakay

ang potensyal ng tula sa pagpapalalim ng kritikal na pagkatuto sa global na edukasyon. Ayon sa kanya, ang tula ay maaaring magbukas ng mas malalim na pag-unawa at personal na koneksyon sa mga isyung panlipunan, bagaman kailangan pa ng mas sistematikong pag-aaral upang patunayan ito. Sa larangan ng agham, ipinakita ng isang pag-aaral kung paano nakatulong ang pag-sulat ng tula sa mga estudyante upang mas maunawaan at maipahayag ang kanilang kaalaman sa kalikasan, na nagpapakita ng mas mataas na antas ng personal na pag-unawa at koneksyon sa paksa.

Kay Aman Gorman (2022), sa kanyang "Tula sa kontemporaryong Kultura at Edukasyon" isang kilalang makata, ay naglunsad ng *Master Class* upang turuan ng pagsulat at pagbigkas ng tula, na may layuning gawing mas accessible ang tula sa mas maraming tao at gamitin ito bilang kasangkapan para sa pagbabago sa lipunan. Ocean Vuong (2022), isang Vietnamese- American na makata, ay gumamit ng tula upang ipahayag ang kanyang pananaw sa makabagong buhay, na nagpapakita ng kahalagahan ng tula sa personal na pag-unlad at edukasyon. Ipinakita ng isang pag-aaral kung paano maaaring gamitin ang tula sa iba't ibang asignatura tulad ng matematika, agham, at kasaysayan upang mapalalim ang pang-unawa at pagkamalikhain ng mga estudyante. Sa panahon ng pandemya, ginamit ang tula bilang paraan ng mga estudyante upang iproseso ang kanilang mga emosyon at karanasan, na nagpapakita ng papel ng tula bilang coping mechanism at kasangkapan sa pagkatuto.

Ayon sa isang Artikulo, (2023) ang pagsasama ng kontemporaryong tula sa kurikulom ay maaaring magbigay ng mas malalim na koneksyon sa mga estudyante, na nagpapalawak ng kanilang pang-unawaa sa kultura, kasaysayan at emosyon. Iminungkahe rin ng isang pag-aaral ang paggamit ng multimodal na pamamaraan sa pagtuturo ng tula, tulad ng paggamit ng digital media at performance, upang mapalawak ang karanasan ng mga estudyante at gawing mas interktibo ang pagkatuto. Sa Pilipinas, ang panulaang Filipino ay patuloy na yumayabong bilang mahalagang kasangkapan sa paghubog ng kaisipan, damdamin, at kamalayan ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Ayon sa pag-aaral ni Morales, M. (2014) na pinamagatang "Pagsusuri ng mga Makabagong Tulang Filipino Tungo sa Pagbuo ng Mungkahing Balangkas sa Pagtuturo", Napatunayan epektibo ang paggamit ng makabagong tula sa paglinang ng masusing pag-unawa at malikhaing pag-iisip sa mga estudyante, sa kanyang pag-aaral, iminungkahi ang paggamit ng mga graphis organizers rulad ng storyboard at cause-and - effect chart upang mas mapadali ang pagsusuri ng tula at matulungan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng interpretasyon.

Samantala, sa pag-aaral ni Juanco, C., (2021). na may pamagat "*Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at Kaalamang Pangnilalaman*" sinuri sa pananaliksik na ito ang kasaysayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong sa nas epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pag-aaral ng tula. Binigyang-diin ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan. Sa tulong ng multimedia presentations, video performances ng spoken word poetry, at interaktibong plataporma, napapadali ang pag-unawa ng mga estudyante sa tula at lumalawak ang kanilang perkspektiba sa mga kontemporaryong isyu. Bukod dito, isinasaad sa pananaliksik ni Javier, (2021). na "*Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino sa Bagong Kadawyan",* na ang paggamit ng estratihiyang nakasentro sa mag-aaral, tulad at paggamit ng makabuluhang konteksto sa pagtuturo, ay higit na nakaambag sa mas malalim na pagkatuto. Pinatunayang mas makikibahagi ang mga estudyante kung ang mga tulang ginamit ay may kaugnayan sa kanilang personal na karanasan at lipunang ginagalawan

Sa kabuuan, ipinapakita sa mga lokal na pag-aaral na ang tula ay nananatiling makapangyarihang kasangkapan sa edukasyon sa kabila ng mabilis na pagbabago sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga makabagong pamamaraan at teknolohikal na integrasyon, napapanatiling buhay ang panitikang Filipino bilang susi ng pagkatuto sa kontemporaryong panahon. Isa sa mga layunin ng pag-aaral na ito ay suriin kung paano nagagamit ang tula sa makabagong panahon bilang epektibong kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto, at kung paano ito nakatutulong sa paghubog ng kabataang may malawak na pananaw, makatao, at mapanlikha sa gitna ng mabilis na pagbabago ng lipunan.

***Layunin -*** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kahalagahan at epektibong paggamit ng ***Tula sa***

*Makabagong Panahon: Isang Phenomenolohikal na Pag-aaral sa Karanasan ng mga Guro.* Layunin ng pananaliksik na tukuyin ang pananaw ng mga guro sa paggamit ng tula bilang midyum ng edukasyon, pagpapahayag at pag-unawa sa mga kontemporaryong isyung panlipunan. Upang maisakatuparan ang layunin ng pag-aaral, sasagutin ang mga sumusunod na tanong: 1. Ano ang pananaw ng mga guro sa kahalagahan ng tula sa makabagong panahon bilang kasangkapan sa pagkatuto? 2. Paano ginagamit ng mga guro ang tula sa pagtuturo ng mga kontemporaryong isyung panlipunan sa loob ng silid-aralan? 3. Paano tumutugon ang mga mag-aaral sa mga tulang may temang panlipunan sa konteksto ng malabagong teknolohiya? 4. Ano ang mga benepisyong naidudulot ng paggamit ng tula sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon? 5. Ano ang mga hamong kinakaharap ng mga guro bilang midyum ng pagkatuto?

## 1. Methodology

Ang Pag-aaral ay tungkol sa Tula sa makabagong panahon: Isang Phenomenolohikal na pag-aaral sa karanasan ng mga Guro. Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatibong at phenomenologikal approach. Ang layunin ng pananaliksik ay alamin at unawain ang mga karanasan, pananaw at damdamin ng mga guro hinggil sa paggamit ng tula sa makabagong panahon bilang susi sa pagkatuto sa kontemporaryong panahon. Ang phenomenology ay angkop sa pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa mga "lived experiences" ng mga kalahok sa konteksto ng edukasyon at panitikan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng *5 Guro* sa parehong antas na nagtuturo ng panitikan. Sila ay pinili gamit ang *purposive sampling*, kung saan ang pagpili ay batay sa kanilang karanasan sa pagtuturo o pag-aaral gamit ang tula bilang midyum sa pagkatuto.

Gumamit ang mananaliksik ng *semi-structured interview guide* upang mangalap ng datos. Ang gabay sa panayam ay naglalaman ng bukas na tanong na tumatalakay sa karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng makabagong tula sa silid aralan, mga benepisyong kanilang naranasan, at mga hamong kanilang kinaharap. Ang panayam ay isinagawa ng harapan at/sa pamamagitan ng video call, depende sa abot kayang pamamaraan ng mga kalahok. Lahat ng panayam ay naitala (may paunang pahintulot ng kalahok), at isinalin sa anyong teksto para sa pagsusuri. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang *Thematic Analysis.* Ito ay proseso ng pagbuo ng mga tema mula sa mga salaysay ng mga kalahok. Ang mga hakbang sa pagsusuri ay ang mga sumsunod: 1. pagbasa at muling pagbasa ng mga transkripsyon, 2. Pag-coding ng mga makabuluhang pahayag, 3. Pagsasama-sama ng mga kaugnay na code upang makabuo ng tema,4. Paglalahad at pagbibigay-kahulugan sa mga tema kaugnay ng layunin ng pananaliksik. Tiniyak ng mananaliksik ang *pagkakakilanlan ng mga kalahok ay mananatiling lihim*. Lahat ng impormasyon ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Inilahad din sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, at sila ay kusang-loob na sumang-ayon sa pakikilahok sa pamamagitan ng informed consent form.

## 2. Resulta at Diskasyon

Ito ay naglalaman ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga guro na nagtuturo sa Filipino hinggil sa kanilang karanasan. Obserbasyon, at pananaw sa paggamit ng tula bilang kasangkapan sa pagkatuto sa makabagong panahon. Gamit ang thematic analysis, nauri ng mga kasagutan ayon sa mga sumusunod na temang lumitaw mula sa panayam.

***T1**: Makabagong Paraan ng paglalahad ng Tula.* Ipinapahayag ng mga guro na ang tula ay mas epektibong naihahatid sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng multimedia gaya ng power point presentations, background music, video clips at spoken word poetry. Ayon kay informant 1: *"Inilahad ko ang tula sa mas makabago at interaktibong paraan gamit ang multimedia presentasyon na may kasamang musika, mga larawan at video."* Ganoon din si informant 2 na nagsabing: *"Gumamit ako ng background music upang bigyan lalim ang damdamin ng tula at isinabay ko ito sa wastong kumpas ng aking kamay."* Ang paggamit ng teknolohiya ay lumitaw bilang mahalagang elemento sa epektibong paghahatid ng aralin sa tula sa makabagong henerasyon.

***T2:** Pagtanggap ng Mag-aaral sa Makabagong Anyo ng Tula.* Kapansin-pansin ang positibong pagtanggap

ng mga mag-aaral sa makabagong anyo ng tula. Ayon sa mga kalahok, naging mas interesado, masigla, at bukas ang mga mag-aaral sa pagtuklas at paglikha ng sariling tula kapag ito ay ipinamamalas sa kontemporaryong paraan. Sinabi ni Informant 1: *"Mas naging interesado at masigla ang mga mag-aaral…lalo na kung tumatalakay ito sa mga paksang malapit sa kanilang karanasan tulad ng pag-ibig at mga isyung panlipunan,"* Ipinapakita nito na ang pag-uugnay sa kontekstong pangkabataan ay nakatutulong upang mapalalim ang pang-unawa at paglahok ng mga mag-aaral.

***T3:*** *Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip at Damdamin*. Ayon sa mga guro , ang tula ay epektibong kasangkapan sa pagpapaunlad ng kritikal at emosyonal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa simbolismo, mensahe at talinghaga ng tula, natututo ang mga mag-aaral na magsuri at magpahayag ng sariling pananaw. Ayon kay informant 2: *"Ang tula ay hindi lamang simpleng Porma ng panitikan, kundi isa rin itong Paraan ng malalim na pagninilay."* Ang tema ng pagsusuri at pagninilay ay pangunahing lumitaw sa lahat ng kasagutan, na nagpapakita ng halaga ng tula bilang daluyan ng malalim na pagkatuto.

***T4: Estratehiya sa pagtuturo ng makabagong tula.*** Ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya upang mapanatili ang interest ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang pangkatang pagtatanghal, pag-uugnay sa kontemporaryong isyu, mga malikhaing laro, at aktibong diskurso. Ayon kay Informant 1: *"Pangkatang paggawa ng tula at Pagtatanghal…upang matutong Tumanggap at magbigay ng Makabuluhang komento."* Ang paggamit ng mga estratehiyang kolaboratibo at makabago ay naglalayong gawing mas personal at makabuluhan ang karanasa ng mga mag-aaral sa tula.

***T5: Integrasyon ng Teknolohiya sa pagtuturo ng Tula.*** Ang teknolohiya ay integral na bahago ng pagtuturo ng tula sa makabagong panahon. Gumamit ang mga guro ng social media. Youtube videos, visual aids, at mobile phones bilang mga kasangkapan sa pagkatuto. Ayon kay informant 4: *"Ginamit namin ang Youtube, Facebook groups, at cellphone recordings bilang Plataporma ng tula."* Mahalagang tandaan na may ilang mag-aaral na may limitadong access sa internet, kaya't may alternatibong paraan din tulad ng pagsusulat sa papel o offline recording.

***T6: Mga hamon sa makabagong pagtuturo ng tula.*** Ibinahagi rin ng mga guro ang ilang hamon sa pagtuturo ng tula,kabilang ang kakulangan sa teknolohiya, pasilidad at interest ng mag-aaral. Isa ring hamon ang hiya at takot ng mga mag-aaral na nagbahagi ng kanilang gawa. Ayon kay informant 2: *"Isa sa pangunahing suliranin ay ang Kawalan ng interest ng mga mag-aaral Sa tradisyunal na anyo ng panitikan."* Gayundin, idinagdag ni informant 3 ang isyu ng bokabularyo bilang sagabal sa mas malalim na pag-unawa sa tula.

***T7: Epekto ng tula sa Akademikong Performance at partisipasyon.*** Inilahad ng mga guro ang mga positibong epekto ng tula sa akademikong pagganap at partisipasyon ng mag-aaral. Tumataas ang kanilang kumpiyansa, kakayahang magsuri, at kasanayan sa wika. Ayon kay informant 5: *" Mas malawak ang bokabularyo, Tumataas ang kumpyansa, at Mas aktibo sila sa talakayan."*Ipinapakita nito na ang pag-aaral ng tula ay may inpluwensya hindi lamang sa asignaturang Filipino kundi pati na rin sa pangkalahatang kakayahang pang-akademiko.

***Resulta -*** Mula sa isinagawang panayam sa 5 guro sa tertiary lebel, lumitaw ang mga sumusunod na mahalagang natuklasan:

- Makabagong paraan ng paglalahad ng tula. Ang paggamit ng multimedia, musika, video presentation, at spoken word poetry ay mas nakakatawag-pansin sa mga mag-aaral at nakatutulong upang mas madali nilang maunawaan ang tula.
- Positibong pagtanggap ng mag-aaral. Mas naging bukas at masigasig ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng tula. Lalo na kung ang mga ito ay may temang may kaugnayan sa kanilang buhay at karanasan.
- Paglinang ng kritikal at emosyonal na pag-iisip. Ang tula ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga isyung panlipunan at sa sariling damdamin. Nahahasa rin ang kanilang kakayahang magsuri at magpahayag.

- Mabisang Estratehiya sa pagtuturo. Kabilang sa mga estrathiyang ginamit ng mga guro ang malikhaing pangkatang gawain, interaktibong talakayan, at pag-uugnay sa kontemporaryong isyu upang mapanatili ang interest ng mag-aaral.

- Integrasyon ng teknolohiya. Ang teknolohiya ay ginamit bilang daluyan ng pagtuturo ng tula sa pamamagitan ng social media, mga video, presentasyon, at audio recording.

- Mga hamon sa pagtuturo. Ilan sa mga kinakaharap na hamon ay ang kakulangan ng teknolohiya, interest, at kumpyansa ng mag-aaral, gayundin ang pang-unawa sa malalim na bokabularyo.

- Epekto ng tula sa akademikong performance. Lumitaw na may positibong epekto ang paggamit ng tula sa akademikong pagganap, gaya ng pagtaas ng kumpyansa, kasanayan sa pagsusuri, at aktibong partisipasyon sa klase.

## 3. Kongklusyon at rekomendasyon

***Kongklusyon -*** Batay sa mga natuklasan, maaaring ipagpalagay na ang tula sa makabagong panahon ay isang mabisang midyum ng pagkatuto. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya at malikhaing estrtatehiya, nagiging mas makabuluhan at personal sa mga mag-aaral ang pag-aaral ng tula. Ito ay hindi lamang naglilinang ng kanilang kaalaman sa panitikan kundi pati na rin ng kanilang kakayahang mag-isip ng kritikal at magpahayag ng emosyon. Sa kabila ng ilang hamon, nananatiling epektibo ang tula bilang kasangkapan sa edukasyon.

***Rekomendasyon -*** Bilang tugon sa mga natuklasan, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihahain:

- Pagpapalakas ng pagsasanay para sa mga guro. Maglunsad ng mga seminar-workshop na nakatuon sa paggamit ng teknolohiya at modernong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan.

- Pagbuo ng mga materyal na akma sa kabataan. Lumikha ng mga akdang tula na tumatalakay sa kontemporaryong isyu tulad ng mental health, social media, at relasyon upang mapalalim ang koneksyon ng mag-aaral sa aralin.

- Paglaan ng suporta para sa teknolohiya. Dapat maglaan ang mga paaralan ng sapat na kagamitan gaya ng internet, projector, at audio-visual tools upang mas mapadali ang makabagong pagtuturo.

- Pagpapalaganap ng kultura ng pagsulat at pagbigkas ng tula. Hikayatin ang mga mag-aaral na lumikha at magbahagi ng kanilang sariling tula sa pamamagitan ng spoken word poetry contests, online forums, at iba pang malikhaing plataporma.

- Pagtugon sa mga hamon sa klasrum. Magpatupad ng mga suportang interbensyon para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa wika o may mababang interest sa panitikan, tulad ng mentoring o personalized learning activities.

## 4. Sanggunian

Allaire, C. (2022, Sept. 19) Amanda Gorman is teaching a Master class on poetry and Social change. Vogue https://www.vogue.com

Armitage, S. (2021). A Vertical Art: Pn Poetry. Faber & Faber

Al-Mutairi, A. (2022). Poetry as Resistance: Middle Eastern Youth and the New Literary Activism. Journal of Contemporary Literature, 34 (2), 55-72.

British Council. (2020). Poetry in the digital age: Engaging students through multimodal learning

Chiasson, D. (2022, Apr. 11). Ocean Vuong is still learning. The New Yorker. https://www.newyorker.co

Dillon, E. (2022). Poetry as pedagogical in global education, Review of Education, Pedagogy, and Cultural Studies, 44 (4), 369-388. https://doi.org/10/.1177/

Horner, C. (2022). Redefining curriculom: Poetry as a pedagogical tool. Minnesota English Journal Spring 2022.

https://minnesotaenglishjournalonline.org/2
Javier, J.M. (2021). Makabagong Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino sa bagong Kadawyan. Re
Juancho, C. J. (2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturi ng Assignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at kaalamang pangnilalaman.
Morales, M.S. (2014). *Pagsusuri ng Makabagong Tula Filipino Tungo sa Pagbuo ng Mungkahing Balangkas sa Pagtuturo*. Tarlac State University
Roy, R. (2023). Poetry as a coping instrument and a teaching tool.
Schwarts, K. (2021, April 20) the value of teaching contemporary poetry. Edutopia. https://www.edutopia.org